**SO WHAT** *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano ang mangyayari kapag ang isang bata ay mas minarapat na sumunod sa kanyang mga magulang?
- Ano ang maaaring gawin ng isang anak upang galangin ang kanyang mga magulang?
- Ano sa palagay mo na kapag tayo ay sumusunod sa ating mga magulang ay nakalulugod sa Diyos?

**NOW WHAT** *How do I apply the Word to my life?*

- Anong bahagi ng iyong buhay ang sa palagay mo ay may malaking kinalaman sa pagiging makasarili mo sa pagsunod mo sa iyong mga magulang? Papaano mo ito aayusin?
- Papaano mo mapagbubuti ang pagpapakita ng pagalang sa iyong mga magulang? Anong mga praktikal na hakbangin patungo rito ang maaari mong gawin?
- Magbigay ng tatlong kaparaanan upang igalang ang iyong mga magulang sa linggong ito.

## PRAYER

- Ipanalangin ang iyong mga magulang, anuman ang kanilang mga pangangailangan.
- Ipanalangin sa Diyos na bigyan ka ng biyaya upang galangin ang iyong mga magulang sa buong buhay mo.
- Hingin sa Diyos ang kagalingan at kasunduan ng ugnayan sa pagitan mo at ng iyong mga magulang.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO




# Para sa mga Anak din!

Week 3

**NOTES**

## CONNECT

- Ibahagi ang panahon ng iyong pagkabata na mas pinili mo ang sumunod sa iyong mga magulang kahit hindi mo gusto. Ano ang inutos at ano ang nangyari sa iyong pagsunod?
- Bilang anak, masasabi mo bang ikaw ay mabait o masama? Bakit?
- Papaano ipinapakita ng media ang isang anak na nakikibagay sa kanyang mga magulang? Sang-ayon ba kayo sa mga ito? Bakit? Bakit hindi?

**WORD**

**[1]Mga anak, sundin n'yo ang mga magulang n'yo dahil ito ang nararapat gawin bilang mga mananampalataya sa Panginoon. [2]"Igalang n'yo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. [3]At ganito ang pangako: "Nang sa ganoon ay guminhawa ka at humaba ang buhay mo rito sa lupa."**

**Efeso 6:1-3**

**WHAT** ***What does the Bible say?***

Nabubuhay tayo sa daigdig na ang pagrerebelde ay ipinagdiriwang, tulad ng isang karapatan ng isang tao na ipahayag ang kanyang sarili o kalayaan ng pagpapahayag . Gayunman, likas ito sa mga makasalanan (Kawikaan 22:15), ang Bibliya ay nag-uutos sa atin na gawin ang mataas na kaparaanan at iyan ay ang sumunod. Bakit tayo sumusunod at ano ang mga pakinabang na ating mapapala mula rito?

- **Ang sumunod sa ating mga magulang para sa Panginoon ay nararapat.**

  *Mga anak, sundin n'yo ang mga magulang n'yo dahil ito ang nararapat gawin bilang mga mananampalataya sa Panginoon.*

  Efeso 6:1

  Ang ating mga magulang ay bigay ng Diyos at ang Diyos ang humirang sa kanila upang magkaroon ng kapangyarihan sa ating buhay. Ang ating pagsunod sa kanila ay gawa ng ating paggalang sa Diyos at sa Kanyang kapangyarihan. Sa bandang huli, lahat tayo maging ang ating mga magulang, ay mananagot sa Diyos. Bilang kauna-unahang mga tagasunod ng Diyos na higit pa sa ibang may kapangyarihan, ano ang gagawin natin sa sandaling tayo ay inutusan na gumawa ng kasalanan ng ating mga magulang?

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________

- **Ang sumunod sa magulang ay kalugod-lugod sa Diyos.**

  *Mga anak, sundin ninyo ang mga magulang n'yo sa lahat ng bagay, dahil kalugod-lugod ito sa Panginoon.*

  Colosas 3:20

  Madalas sumusunod tayo sa ating mga magulang upang magpapogi o makaiwas sa 'di magandang pwedeng mangyari kung lumabag man tayo. Habang may ibang mga magulang naman na nahihiligan na sila ay ating sinusunod, ayon sa sinasabi ng Bibliya ay ang Diyos ay nalulugod din. Ito ay hindi nangangahulugan na matatanggap natin ang pabor ng Diyos kapag may ginawa tayo para sa Kanya. Sa halip, ang sumunod sa ating mga magulang ay nagdudulot ng kasiyahan sa Diyos. Bakit sa palagay mo?

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________

- **Ang sumunod sa mga magulang para sa Panginoon ay may kapakinabangan.**

  *[2]"Igalang n'yo ang inyong ama't ina." Ito ang unang utos na may kasamang pangako. [3]At ganito ang pangako: "Nang sa ganoon ay guminhawa ka at humaba ang buhay mo rito sa lupa."*

  Efeso 6:2,3

  Ang pagiging makasarili natin ay madalas naitatanong, "Kung susunod ako sa aking mga magulang, ano ang mapapala ko?" Sa totoo lang,ang utos na ito ng Diyos ay may kalakip na pangako (Exodo 20:12; Deuteronomio 5:16)! Sa bandang huli, ang pagsunod sa ating mgamagulang ay para sa ating kabutihan. Sa paanong paraan ka sumusunod sa iyong mga magulang na nakita mo na may pakinabang sa iyong buhay?

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________

  ________________________________________